
# Bakit Maghihintay

Pebrero 8, 2025

Ni: Fr. Sedfrey Nebres, SVD

Kung ang mga dasal natin ay walang kasagutan, minsan parang bigo tayo. Bakit tahimik ang Diyos? Gayunpaman, ang buhay natin ay hindi lamang para sa atin. Nakaugat ang buhay sa pakikilakbay kay Hesus. Kung naglalakbay tayo kasama ang kapwa, kailangang din tayong maghintay. Nangangailangan ng pasensya ang paghihintay. May karunungan ang paghihintay. Kung hahayaan natin ang Diyos na hubugin tayo sa panlabas at panloob, ito ay karunungan.



**Bakit mahalaga ang paghihintay?**

1. **Naghihintay tayo ng kongretong kasagutan.**
   1.1. Si Simeon, matuwid at banal na tao, ay naghihintay sa pagdating ng Mesias. Ang Espiritu Santo ay nagpahayag sa kanya na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Mesias na ipinangako ng Diyos. Siya'y 80 na noong nakita niya ang Batang Hesus noong dinala sa templo, at alam niya na Siya na ang katuparan ng pangako ng Diyos. "Panginoon, kunin mo na ang iyong abang alipin, ayon sa Iyong pangako, yamang nakita na ng aking mga mata ang Iyong pagliligtas."(Lk.2:22-40).
   1.2. Mabubuti ang darating sa mga naghihintay. Nagpapadala ng mga biyaya o himala sa pamamagitan ng ibang tao. Kailangan lang natin ng konting panahon para ang himala ay maging makabuluhan.
   1.3. Sa *fund raising project* at sa simbahan ni Fr. Nebres, pakiramdam niya bigo siya dahil walang nangyari sa tatlong(3) taon, handa na niyang bitawan ang proyekto. Gayunman, nagpadala ang Diyos ng kaibigang gustong mangumpisal at sa kalaunan nagtanong siya ng proyektong susuportahan. Hindi na niya kinailangang humingi ng pera sa kanila. Ito'y isang abang karanasan na maranasan ang biyaya at himala ng Diyos.
2. **Binibigyan tayo ng Diyos ng panahon na maging handa.**
   2.1 Bawat biyaya ay may kasamang responsibilidad. Ito ay isang bagay na dapat paghandaan. Kaya, gusto ng Diyos na ihanda tayo sa responsibilidad sa biyaya.
   2.2 Halimbawa, ang isang lalaki ay kumalas sa isang relasyon dahil hindi pa siya handa para magpakasal.
   2.3 Ang isang babaeng parokyano ng simbahan na nasa edad 40 na ay nagtiwala sa Diyos na bibigyan siya ng asawa. Nangako si Fr. Nebres na siya ang magkakasal, na sa kanyang isip hindi ito mangyayari. Gayunpaman, may nakilala siya, ikinasal at nagkaroon pa ng anak.
3. **Magtiwala tayo sa tamang panahon ng Diyos.**
   3.1 Ang Sagrada Familia ay isang kamangha-manghang katedral sa Barcelona na sinimulang gawin noong 1880s. Ngunit hanggang sa ngayon, isang daang taon na ang lumilipas, ay patuloy pa ring ginagawa; wala pang teknolohiya noon na gagawa ng Gaudi. Unti unti nilang inuukit ang mga detalyo ng disenyo na nagbibigay ng wow na karanasan.
   *3.2* Katulad din natin, patuloy pa rin tayong inuukit. Hindi natin alam kailan tayo mabubuo nang ganap. Nagiging maganda ang ating pag-uugali kung hahayaan natin ang Diyos na hubugin tayo. Habang andito pa tayo, kailangan nating magtiwala sa tamang panahon ng Diyos na hubugin tayo na maging magandang tao ayon sa Kanyang plano, at maging instrumento sa Kanyang layunin. Ito'y magiging karanasang espiritwal hindi lamang sa atin kundi sa iba.

**Konklusyon:** Magtiwala at umasa tayo sa Diyos habang naghihintay ng Kanyang biyaya. Pahalagahan natin ang panahon habang naghihintay hanggang ganap na maranasan ang Kanyang biyaya. Laging may halaga ang paghihintay sa mga biyaya ng Diyos na Kanyang ibibigay.

**Pagninilay**:

1. Gaano kadalas ang iyong pagsuko kung hindi natutugunan ang iyong mga panalangin?
2. Habang naghihintay, sa palagay mo ba handa ka na sa biyaya at responsibilidad?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #pagtitiwala #pag-asa